


Mathematics

Quarter 1 – Module 6: Visualizing and Comparing Numbers Up to 1 000 Using Relation Symbols



Mathematics – Grade 2
Alternative Delivery Mode
Quarter 1– Module 6: Visualizing and Comparing Numbers Up to 1 000 Using
Relation Symbols

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumuo sa Pagsulat ng Modyul

Manunulat/Tagalapat: Cherry Ann C. Santos

Editor: Perlita G. Pagdanganan, Marie Ann C. Ligsay

Tagasuri: Agnes R. Bernardo, Nestor P. Nuesca

Tagaguhit: Rafael E. Martinez, Romarico C. Sarondo

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas,
Nestor P. Nuesca, Gregorio C. Quinto, Jr., Rainelda M. Blanco,
Agnes R. Bernardo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon-Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Mathematics

Quarter 1 – Module 6:

Visualizing and Comparing
Numbers Up to 1 000 Using Relation
Symbols

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Mathematics Baitang 2.

Ang mga aktibidad sa modyul na ito ay magtuturo din sa iyo na maipakita at makapagkumpara numero hanggang 1 000 gamit ang relation symbol.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. nakakapagpakita at nakakapagkumpara ng numero hanggang 1 000 gamit ang *relation symbol*.
2. natutukoy ang gamit ng $>$, $<$ at $=$ (M2NS-Ic-14)



Subukin

Punan ang patlang gamit ang $>$, $<$ o $=$. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. 567 ___ 576
2. 383 ___ 438
3. 580 ___ $300 + 30 + 5$
4. $900+20+0$ ___ 902
5. $500+ 20+5$ ___ 525

Aralin

1

Visualizing and Comparing Numbers Up to 1 000 Using Relation Symbol



Balikan

Paghambingin ang mga sumusunod gamit ang $>$, $<$ at $=$. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. 50 ___ 51

2. 64 ___ 63

3. 60 ___ 69

4. 11 ___ 17

5. 29 ___ 39



Tuklasin

Si Mang Kaloy ay isang magsasaka. Mahilig siyang magtanim ng gulay. Naranasan niyang magtanim ng singkamas, sigarilyas at mani. Nagtanim din siya ng sitaw, bataw, patani. May naitanim din siyang kundol, patola, upo at kalabasa at mayroong ding labanos, mustasa, sibuyas, kamatis, bawang at luya.

Halos lahat ng gulay sa awiting Bahay Kubo ay naitanim na niya. Subalit ang kanyang pinakapaborito ay ang talong. Enero ng una siyang pumitas ng talong, sa kabuuan umani ng 423 kilo ng talong sa buwang iyon. Muli niyang inilista ang talong na kanyang napitas sa buwan ng Pebrero, sa kabuan 341 kilo ng talong ang kanyang napitas.




1. Sino ang masipag na magsasaka?
2. Ilang kilo ng talong ang napitas ni Mang Kaloy sa buwan ng Enero?
3. Ilang kilo ng talong ang napitas ni Mang Kaloy sa buwan ng Pebrero?
4. Kailan mas maraming talong ang napitas ni Mang Kaloy, Enero o Pebrero?



Suriin

Gamit ang place value chart ating pagkumparahin ang napitas na talong ni Mang Kaloy sa dalawang buwan.

	Hundreds	Tens	Ones
Enero	4	2	3
Pebrero	3	4	1




Unang Hakbang- Ikumpara ang hundreds

Pagkumparahin ang hundred digit.

Ang 400 ay mas malaki kaysa 300 o $400 > 300$.

Ang 300 ay mas maliit kaysa 400 o $300 < 400$.

Sa hundred place palang ay tukoy na ang mas malaking bilang o mas maliit na bilang.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Isulat sa sagutang papel ang panandang $>$, $<$ o $=$.

1. 358 _____ 678

4. 675 _____ 671


2. 892 _____ 781

5. 298 _____ 567

3. 567 _____ 565

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Paghambingin ang mga numero gamit ang mga sumusunod na simbolo $>$, $<$, o $=$. Isulat sa papel ang sagot.



Pinatnubayang Pagsasanay 3

Piliin ang angkop na simbolo na gagamitin sa paghahambing ng mga sumusunod na numero. Isulat sa iyong sagutang-papel ang iyong sagot.

1. 876 < = > 978

2. 969 < = > 584

3. 373 < = > 373

4. 279 < = > 479

5. 926 < = > 962

Malayang Pagsasanay 1

Punan ng mga numero ang patlang upang makalikha ng sariling paghahambing batay sa ibinigay na simbolo.

1. _____ > _____

2. _____ = _____

3. _____ > _____

4. _____ < _____

5. _____ = _____

Malayang Pagsasanay 2

Punan ang patlang ng nawawalang numero.
Paghambingin ang mga ito gamit ang relation symbol.
Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

- | | | |
|---------|-------|----------|
| 1. 13 6 | _____ | 13 ____ |
| 2. 576 | _____ | ____ 79 |
| 3. 135 | _____ | 24 ____ |
| 4. 688 | _____ | 4 ____ 9 |
| 5. 623 | _____ | 6 ____ 6 |



Isaisip

Sa pagkukumpara ng 3 digit numero, ikumparang una ang hundreds. Kung parehas ang mga numero, isunod na ikumpara ang tens at ihuli ang ones.

Upang ipakita ang relasyon ng bawat bilang na ikinukumpara, ang mga simbulo na inilalagay sa gitna ng bilang na pinagkukumpara ay ang mga sumusunod:

< ang ibig sabihin ay **less than**

> ang ibig sabihin ay **greater than**

= ang ibig sabihin ay **equal to**



Isagawa

Piliin ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ang 136 ay mas marami sa _____

125

136

137

2. Ang 286 ay mas kaunti sa _____

217

225

435

3. Ang $900+80+6$ ay equal lamang sa _____

986

996

998

4. Mas kaunti ang _____ kaysa 289.

190

290

309

5. Mas marami ang _____ kaysa 431.

431

432

430



Tayahin

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. $264 < \underline{\hspace{2cm}}$

A. 194

B. 265

C. 208

2. $125 = \underline{\hspace{2cm}}$

A. 125

B. 152

C. 215

3. $323 > \underline{\hspace{2cm}}$

A. 305

B. 324

C. 325

4. $172 = \underline{\hspace{2cm}}$

A. 107

B. 172

C. 187

5. $81 < \underline{\hspace{2cm}}$

A. 75

B. 80

C. 89



Karagdagang Gawain

A. Punan ang patlang gamit ang $>$, $<$ at $=$.

1. $167 \underline{\hspace{1cm}} 297$

2. $267 \underline{\hspace{1cm}} 400+20+6$

3. $500+80+2 \underline{\hspace{1cm}} 300 + 10+ 5$

4. $500+90+ 5 \underline{\hspace{1cm}} 502$

5. $500+ 10+5 \underline{\hspace{1cm}} 525$

B. Paghambingin ang mga sumusunod gamit ang $>$, $<$ at $=$.

1. isang libo $\underline{\hspace{1cm}}$ isandaan

2. limandaan at lima $\underline{\hspace{1cm}}$ limandaan at tatlumpu

3. apatnapu't pito $\underline{\hspace{1cm}}$ pitumpu't pito

4. anim na raan at sampu $\underline{\hspace{1cm}}$ pitong daan at sampu

5. siyam napu't siyam $\underline{\hspace{1cm}}$ pitumput pito



Susi sa Pagwawasto

Karagdagan Gawain A 1. < 2. < 3. < 4. < 5. <	Karagdagan Gawain B 1. < 2. < 3. < 4. < 5. <
---	---

Pagyamanin 2 1. < 2. < 3. < 4. < 5. = 3 1. < 2. > 3. =	Malayang Pagsasanay 1 Maraming posibleng sagot, guro ang siyang magwawasto Malayang Pagsasanay 2 Maraming posibleng sagot, guro ang siyang magwawasto. Tayahin 1. B 2. A 3. A 4. B 5. C Isagawa 1. 125 2. 435 3. 986 4. 190 5. 432	Subkin 1. < 2. < 3. > 4. > 5. >
Balikan 1. < 2. > 3. < 4. < 5. <	Pinaunang Pagsasanay 1 1. < 2. > 3. > 4. > 5. <	

Sanggunian

Catud, Herminio Jose, Shierley Ferera, Danilo Padilla, and Rogelio Candido. 2013. "K To 12 Grade 2 Learning Material in Mathematics". Accessed April 4, 2020. *Slideshare.Net*.
<https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mathematics>.

LR Portal. Accessed April 4, 2020. *Deped LR Portal*.
<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5455>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph